American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-07, pp-307-318
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# ANG IMPLUWENSIYA NG SOCIAL MEDIA SA PAGKATUTO SA ASIGNATURANG FILIPINO: PAGSUSURI SA PANANAW NG MGA MAG-AARAL

Izabelle R. Escobar[1], Aira Mae B. Galanaga[2], Leilani G. Manuel[3], Kent Cyrie O. Abing[4]

[1,2]*(Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University , Philippines)*
[3,4]*(Master of Arts in Filipino Language Teaching,, Western Mindanao State University , Philippines)*

**ABSTRACT :** Laganap na ang paggamit ng social media sa pang-araw-araw na gawain sa buhay ng bawat tao lalo na sa mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay gumawa ng pagsusuri sa pananaw ng mag mag-aaral sa sekondarya sa naging impluwensiya ng social media sa pagkatuto sa asignaturang Filipino. Layunin ng pag-aaral na ito na alamin kung paano nakatutulong ang social media sa pagkatuto ng mga mag-aaral at ang mga naging epekto nito. Gumamit ng kwantitatibong pananaliksik sa may 44 na kalahok mula sa Integrated Laboratory School (ILS) ng WMSU. Ang paggamit ng social media sa pag-aaral ay mayroong kalakip na epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral at lumitaw sa pag-aaral na parehong may positibo at negatibong epekto ang paggamit ng social media sa pagkatuto. Isinasaad din sa pag-aaral na ito ang gampanin ng isang guro at ang pagsulong ng 21st century skills ng mga mag-aaral ayon sa impluwensiya ng social media sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Nabanggit rin ang mga hamon na kinakaharaap sa paggamit ng social media. Sa kabuuan, iminumungkahi ng pag-aaral na ito ang responsableng paggamit ng social media sa pagkatuto.

***KEYWORDS-*** *Asignaturang Filipino, Impluwensiya ng social media, Pananaw,*

## I. PANIMULA

Ang *social media* ay isang masistemang pakikipag-ugnayan ng mga tao, ito rin ay ginagawang midyum ng mga mag-aaral sa sekundarya sa pagbabahagi at pagpapalitan ng impormasyon at ideya sa iba't ibang *social media platforms* na ating magagamit. Sa kasalukuyang panahon, talamak ang paggamit ng *social media* lalong-lalo na sa mga kabataan at mga mag-aaral, ito ay may malaking bahagi sa buhay ng mga tao. Karaniwang *"platform"* na ginagamit ng mga mag-aaral sa pakikipag ugnayan at pagpapalitan ng impormasyon ay ang: *Facebook*, isa sa pinaka malaking *social media platform* na ginagamit ng mga mag-aaral ang Facebook, ito ay ginagamit nila sa pakikipag-ugnayan at paghahatid ng mensahe sa kanilang mahal sa buhay, kaibigan o mismo sakanilang guro. Madalas rin na ginagamit ang *YouTube* bilang isang *platform* sa pagbabahagi ng kaaalam, dahil ang mga mag-aaral ay umaasa rin sa *YouTube* pag may mga paksa silang hindi naiintindihan at sa pamamagitan ng panonood ng mga bidyow sa *YouTube* ay mas nabibigyan sila ng kaalaman at kalinawan patungkol sa paksang gusto nilang pag-aralan at mas intindihin pa. Ang *Tiktok* rin ay isa sa *social media platforms* na madalas gamitin ng mga mag aaral at mga guro, hindi lamang ito ginagamit bilang isang *platform* ng iba't ibang bidyos ngunit ginagamit rin itong pagganyak ng mga guro para sa mga mag - aaral lalong lalo na sa mga *21st century learners*.

Nariyan rin ang iba't ibang *websites* na mapagkukunan ng impormasyon tulad ng *Discord, ResearchGate* at *Reddit.* Hindi lamang ito nakakatulong sa pagbibigay ng impormasyon ngunit ito rin ay nakakatulong sa pagbuo ng kanilang takdang aralin at proyekto na nag bibigay ng sapat at nauunlad ang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang *social media* ay nagbibigay ng mas mabilis na *access* sa iba't ibang uri ng impormasyon, mula sa akademikong kontenido hanggang sa kasalukuyang isyu. Ito ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magtulungan *online* para kanilang takdang aralin at mga proyekto. Ito ay naglalayong mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa pagbuo ng grupo. Bukod sa mga layunin ng *entertainment* na mag bigay aliw at pagtanggal ng bagot sa mga kabataan at impormasyon na kinakailangan para sakanilang mga takdang-aralin at gawain para sa kanilang pagkatuto ang mga *social media network* ay tumutulong sa iba't ibang larangan ng mga kasanayan sa pagkatutong pang-edukasyon. Ngunit ang impluwensiya ng paggamit at pagkunsumo ng social media sa mga mag - aaral ay may parehong positibo at negatibong epekto base sa iba’t ibang pananaw ng mga mag-aaral. Ang iba't ibang *social media network* ay walang humpay sa pag impluwensya sa buhay ng mga kabataan. Positibo, kung saan ay mas Napapagaan ang kanilang mga gawain dahil may iba't ibang *websites* na at *social media platform* na maaring

makatulong sa kanila at napabubuti rin sa kanilang kaalaman sa bagay-bagay na may ugnayan sa kanilang pagkatuto.

Sa kabilang banda, naging negatibo, na tumutukoy sa mga mag-aaral na nahihirapan ng matuto sa kanilang mga asignatura kapag sila ay masyado ng umaasa sa mga *social media platforms*. Sa pag-aaral ni Tipones et.al (2020) sinasaad roon na ang *social media* raw ay kadalasang ginagamit ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagganap. Ngunit hindi niya natalakay kung aling *social media platform* ang kadalasang ginagamit ng mga mag-aaral. Sa pag aaral naman ni Magtibay (2016) na ang *social media* raw ay may, dalawang epekto, ito ang negatibo at positibong epekto, ngunit binigyang diin niya lamang sa kaniyang pag-aaral ang negatibong epekto ng social media na nakaaapekto sa kaalaman at kakayahan ng mag-aaral sa tamang pag-baybay ng mga salita sa Filipino. Ngunit hindi nabigyan ng maaaring solusyon para maibsan ang negatibong epekto nito sa mga mag-aaral. Sa pag-aaral naman ni Baniyassen (2020), hindi niya natalakay ang mga epekto at iba't ibang *21st century skills*. Kung kaya't ninanais ng mga mananaliksik na masagot at mapag-aralan pa ng mas mainam ang tungkol sa isyu at pananaw ng mga kabataan sa mga naging kinalabasan nito sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ang mga mananaliksik ay nag lalayong malaman ang impluwensiya ng *social media* sa pagkatuto ng asignaturang Filipino sa salik ng wastong pagbaybay o pagsusulat. Ito ay nabanggit din sa pag-aaral ni Saavedra (2018) kung saan ang paggamit ng teknolohiya ng mga mag-aaral sa elementarya ay nakatulong sa paglinang ng kanilang kasanayan sa pagsulat.

Sapagkat maraming mga mag-aaral ang naiimpluwensiyahan sa *social media* na dala ng teknolohiya. Ang bunsod ng teknolohiya ay isa sa humuhubog ng magiging buhay ng mga mag-aaral sa hinaharap. Ang ebolusiyon sa pag-usbong ng social media ay isa sa mga nakaaapekto sa pamumuhay ng bawat mag-aaral, na kung saan ang kanilang mga katangian ay nagbabago rin dulot ng ebolusiyon. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, matutugunan o mabibigyang solusyon ang mga negatibong epekto sa paggamit ng *social media.* Ito ay matutugunan sa pamamagitan ng pag-aanaalisa sa mga hilig at mga interes ng mga mag-aaraal.

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

**Layunin:** Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masagot ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang pangkalahatang pananaw ng mga mag-aaral sa impluwensiya ng social media sa pagkatuto sa asignaturang Filipino.
2. Ano ang pananaw ng mga mag-aaral sa impluwensiya ng social media sa pagkatuto sa asignaturang Filipino batay sa sumusunod na mga component:
   a. Ang gampanin ng social media sa pag-eengganyo, pag-uudyok, pagbibigay inspirasyon, at pagsasangkot ng mga mag-aaral.
   b. Pagsulong ng *21st century skills* gamit ang social media platforms.
   c. Mga hamong kinakaharap sa paggamit ng *social media* sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.
3. Magkaiba ba ang pananaw ng mga mag-aaral sa impluwensiya ng *social media* sa pagkatuto sa asignaturang Filipino batay sa edad at kasarian.

## III. TEORETIKAL NA BALANGKAS

Ang impluwensiya ng *social media* ay laganap at nag-aapekto sa buhay ng bawat lalo na sa mga mag-aaral, sa pagkukuha ng mga impormasyon sa mga gawain at ang makabagong teknolohiya ay nahuhubog sa kanilang kakayahan sa *21st century skills*. Ang *social media* ay nag-iimpluwensiya sa kanilang mga kaugalian at sa kanilang pagkatuto.

**Uses and Gratification Theory**. Ang teoryang ito ay nagsasaad na ang mga tao ay pumipili ng tiyak na uri ng midya sa kadahilanan na magkaroon ng mga gratipikasyon bilang resulta sa kanilang mga napili. Ang teoryang ito ay sumusuporta sa pag-aaral na ito dahil ang bawat tao ang siyang pumipili sa *social media* na kanyang gagamitin at paglaanan ng oras upang makakuha ng ng kaalaman at impormasyon sa iba't ibang mga bagay. Ayon kina (Bhronler at Katz,1974), na natalakay sa pag-aaral na may ugnayan sa *"social networking sites and academic performance"*, ang mga indibidwal ay may kalayaang pumili mula sa malawak na ayos ng *social media*. Sa pagpili ng *social media platforms* batay sa kagustuhan at na kahiligan ng mga mag-aaral, nagkakaroon sila ng kaalaman at naisusulong ang kanilang *21st century skills* mula sa pag-aaral ng napiling *platform*. Naaapektuhan din nito ang pananaw ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ang kanilang mga pananaw ay maaaring positibo o negatibo, ito ay nakadepende kung paano sila na impluwensiyahan ng *social media*.

**Media-Dependency Theory**. Ang teoryang ito ay nagsasaad na kung ang bawat indibidwal ay mas umaasa sa midya para bigyang katuparan ang kaniyang pangangailangan, mas nagiging mahalaga ang *social media* sa bawat indibidwal. Ito ay nagbibigay suporta sa pag-aaral na ito sa kadahilanan na tinutukoy nito ang mga nagiging kaugalian ng mga mag-aaral at ang pagiging *dependent* nila sa paggamit ng *social media* sa kanilang pagkatuto. Ayon kina ( Ball-Rokeach, 1976-1989 at Davis, 2009 ), sinabi nila na ang higit na paggamit ng isang media konsyumer sa *media source* para sa pagkamit ng kaniyang mga pangangailangan, ang paglaan ng higit na oras sa paggamit ng *social media* ay mas tumataas ang probabilidad na ang isang indibidwal ay maimpluwensiyahan ng kung ano man ang madadala nito, kasama na ang pagsuno ng *social norms*. Ang pagdedepende sa *social media*

ay nagdadala ito ng hamon sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Madalas na nagsasalin ang mga mag-aaral ng mga salitang Ingles at hindi na nabibigyang-pansin na ang pagsasalin ay hindi palaging tama. Mayroon ding mga mag-aaral na kumukuha ng mga kasagutan sa *social media* tulad ng pagbubuo ng mga simpleng sanaysay, pagsasagot sa kanilang mga gawain, at takdang-aralin. Kung ano ang lumalabas sa *social media* ay iyon lamang ang direktang kinukuha ng mga mag-aaral, hindi na nila ito pinag-aralan at inintindi. Sinabi rin ni ( Driscoll, 2000 ), nagde-deal sa ideya na ang mga mag-aaral ay gumagawa ng mga kahulugan sa mga karanasan na kanilang naranasan sa buhay. Nagkakaroon ng iba't ibang pananaw ang mga mag-aaral sa impluwensiya ng *social media* sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino dahil iba-iba rin ang kanilang mga naging karanasan, at nakaaapekto rin ang kanilang karanasan pati na ang kanilang mga edad. Ang mga mag-aaral ay nakapagbibigay-kahulugan dahil ang social media ay nag-eengganyo, nag-uudyok, at nagbibigay inspirasyon sa iba't ibang paraan kung paano ito ginamit ng mga mag-aaral, at sila ay nasasangkot sa mga bagong kaalaman at kasanayan sa pamamagitan ng *social media*.

## IV. MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga kaugnay na literature at pag-aaral na isinasaalang-alang ng mga mananaliksik upang mapagtibay ang kahalagahan ng kasalukuyang pag-aaral. Inilalahad din rito ang kabuuan ng mga pag-aaral upang lubos na maunawaan ang pananaliksik.

### 21st Century Skills

Ang 21st century skills ay tumutukoy sa mga kakayagan na kinakailangan ng mga mag-aaral upang maging matagumpay sakanilang akademikong pangganap sa kasalukuyang panahon, nakatuon ito sa paraan na pagtugon sa mabilis na pagbabago sa ating lipunan at iba't ibang teknolohiya na ating ginagamit. Sa kasalukuyang panahon, laganap na ang teknolohiya at mas nangunguna ito sa mga *"priorities"* ng mga mag-aaral sa sekundarya na lumaki sa panahon ng pagbabago ng teknolohiya. Kasabay sa paglaganap at pagbabago ng teknolohiya ay ang pag liptaw ng iba't ibang *social media platforms* na isinusulong ang *21st century skills* na dapat taglayin ng mga mag-aaral sa sekundarya.

Ayon sa pag-aaral nina (Rogayan at Macanas, 2020), ang mga mag-aaral ay dapat na magkaroon ng kaugnay na kakayahan para sa pag-unlad ng ekonomiyang global. Ang pagkakaroon ng 21st century skills ay napakahalaga dahil kadalasan na ginagamit ng mga guro ang social media platforms sa kanilang pagtuturo. Ang mga institusiyong pang-edukasiyon ay mayroong gampanin sa paghuhubog sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay kontribyusiyon sa bansang umuunlad ang socio-economic. Gaya na lamang ng nabnggit sa pag-aral ni Saavedra (2020) na ang mg paaraln ay may mahalagang gampanin sa pagpatupad ng kurikulum. Mahalagang mailagay sa lugar ang tamang implementasyon lalo na ang mga polisiya sa mga wikn panturo sapagkat malaki ang magiging impact nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon naman sa pag-aaral nina Tipones, et. al (2020), inilahad ng mga mananaliksik na kaya madalas ginagamit ng mga mag-aaral ang *social media* ay para sa kanilang kanilang akademikong pagganap. Ang *social media platforms* ay naging daan o tulay ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto lalo na sa asignaturang Filipino. Naging kaakibat ito ng mga mag-aaral sa paghahanap ng mga impormasyon at mga napapanahong isyu sa kasalukuyang panahon. Sa bagong industriyal na panahon, ang *21st century skills* ng mga mag-aaral ay dapat na mas pagtibayin pa upang malampasan ang mga hamon at mga hindi nasisigurong mga pangyayari sa mundo, at dapat na ito ay kanilang matagumpay na malampasan.

Ayon kina Larson at Miller (2011), na nabanggit sa pag-aaral nina (Rogayan at Macanas, 2020), binigyan nila ng pagpapakahulugan ang *21st century skills*, saad nila, ito ay ang hanay ng mga bahagi na nagsasabing " ano ang kayang gawin ng mga mag-aaral sa kaalamang nakuha at papaano nila ito ma-apply ang kanilang mga natutuhan sa *real-world contexts* sa pamamagitan ng komunikasyon at *sound collaboration skills*, kahusayan sa teknolohiya, makabago at malikhaing pag-iisip, at may kakayahang lumutas ng mga problema". Mas hinahasa ang mga kakayahan ng mga mag-aaral at hinuhubog sila para maging isang indibidwal na magbibigay kontribyusiyon sa bansa sa hinaharap. Binibigyang sapat na atensiyon ang mga mag-aaral na mulat sa teknolohiya. Parehong maimpluwensya ang teknolohiya at *social media* subalit hindi lahat ay positibo ang naging kinalabasan. Mahalaga ang pagkakaroon ng *21st century skills* dahil ito ay nakatutulong sa pagkatuto ngunit pagdating sa paggamit nito sa *social media* ay naagkakaroon ng ibang resulta na hindi inaasahan. Dapat na linangin pa ang kakayahan ng mga mag-aaral upaang mapabatid sa kanila na ang mga impormasyon na nakukuha sa *social media* ay hindi lahat totoo. Ang teknolohiya ay makapanyarihan kaya maraming mga paaralan ang sumusuporta sa *technology-based learning*. Isa sa pagsusulong ng *21st century skills* ay ang pagbibigay ng mga pagsusulit online sa halip na sagutan sa papel, ang mga *gadgets* ang nagsisilbing instrument upang masagutan ang mga tanong.

Sa kabuuan ang 21st century skills ay mga kakayahan na kinakailangan ng mga mag-aaral upang makamtan ang pagiging matagumpay sa larangan ng akademikong pagganap. Nabanggit sa lahat ng pag-aaral at literature na ang paglaganap ng teknolohiya at pag-usbong ng *21st century skills* ay nag silbing daan para sa mga mag-aaral upang matuto at naging kaakibat sa mga mag-aaral ang social media sa paghahanap ng mga

impormasyon. Na tumutukoy sa mga mag-aaral na may kakayahan na mai-apply ang kanilang natutuhan sa aktwal na pangyayari sa kanilang buhay sa pamamagitan ng pakikipagkomunikasyon at pakikiugnay o *collaboration,* kahusayan sa paggamit ng teknolohiya at paghasa ng kanilang kakayahan.

**Wika**

Ang wika ay isang kasangkapan sa pagpapahayag ng ating kaisipan, ito rin ay ginagamit ng mga mag-aaral sa sekundarya upang maipahayag ang kanilang ideya sa mga paksa o issue na kanilang kinakaharap. Bagama't ang wika ay nagsisilbing daan upang tayo ay magkaintindinhan. Ang social media naman ay isang midyum upang maihayag natin sa "netizens" ang ating saloobin ngunit ito ay parehong nakabubuti at nakakasamang epekto sa pagkatuto sa larangan ng signaturang Filipino. Laganap ang Ingles sa *social media* at bihira lamang ang paggamit ng Filipino. Sa pagkatuto ng asignaturang Filipino madalas na nahihirapang intindihin ng mga mag-aaral ang konsepto. Maging sa kanilang unang wika gaya ng Chabacano, kapansin-pansin pa rin na hindi gaanong pagkalinang sa kanilang mga tahanan, kaya gayun na lang ang mga hamon nila sa pag-unawa ng kanilang asignaturang Mother Tonue (Chabacano) (Karanain at Saavedra, 2022).

Sa makabagong panahon, lahat ng pagtuturo at pagkatuto ay gumagamit na ng teknolohiya at ito ay hindi na maiiwasan dahil patuloy na nagbabago ang lipunan at nagbabago din ang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral dala na rin ng pagbabago ng teknolohiya. Sa pagkatuto ay isang esensiyal na gawain ng mga mag-aaral sa sekundarya. Gamit ang kanilang natutuhan at ang pag-usbong ng teknolohiya, naibabahagi nila ang mga kaalaman sa ibang paraan at estilo. Sa pagdaan ng panahon, ang pagkatuto ay patuloy lamang na nadadagdagan.

Sa pag aaral naman ni Magtibay (2016) na ang *social media* ay may ,dalawang epekto, ito ang negatibo at positibong epekto, ngunit binigyang diin niya lamang sa kaniyang pag-aaral ang negatibo o nakakasamang epekto ng *social media* na nakaaapekto sa kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa tamang pag-baybay ng mga salita sa Filipino.Malaki ang kontribusyon ng *Facebook* at *Tiktok* sa mga tao at pati na rin sa mga mag-aaral ngunit hindi sa wika, kundi dahil madalas na nagkakaroon ng pag babago sa orihinal at tamang pakabaybay ng mga salita na gagamitin. Isang halimbawa na riyan sa halip na sabihing "dito" ay ginagawa itong pinaikling bersyon na "d2" na ang ginagamit ng mga nakararami. Ngunit hindi nabigyan ng maaring solusyon para maibsan ang negatibo o nakasasamang epekto nito sa mga mag-aaral, maraming mga magaaral ang nahihirapan sa pag baybay ng tamang baybay ng mga salita dahil sa pag-usbong ng *social media*, marami sa mga mag-aaral sa kasalukuyan ang gumagamit ng "jejemon" *language* at "Bekimon" *language* na kung saan ay mas pinapaiksi nila ang mga orihinal na salita ng Wikang Filipino.

Ayon naman sa pag-aaral ni Fadil (2021) ay may parehang positibo o nakabubuti at negatibo o nakasasamang epekto sa pagganap ng wika. Ayon sa kaniya, Kaya't maraming tao ang gumagamit ng ganitong uri ng komunikasyon upang subukan ang mas maikli at mas mabilis na paraan ng komunikasyon sa isa't isa tulad ng mga abbreviation, emoticons, larawan. Simbolo, tiyak na bokalgaryo, at kahulugan. Bukod dito, upang mas mapadali ang komunikasyon, maraming tao ang gumagamit ng social media bilang isang kasangkapan upang mag-aral at itama ang mga maling impormasyon na kumakalat online sa mga talakayan. Ito ay nakakatulong kapag ang mga tagapakinig na kausap mo ay nagkakaroon ng tumpak na impormasyon, kapag mali ang isang salita, o mali ang iyong pagbaybay. Ang paraang ito ay makakatulong sa mas mabilis na pag-aaral mula sa mga pagkakamali at muling pagtutuwid. Bagamat maraming tao ang sumasang-ayon na nauunawaan nila ang emosyon ng iba dahil sa pictorial na gamit ng wika, may ilan sa kanila hindi ito nauunawaan depende sa pagkakaiba- iba ng henerasyon. Ang naging haamon ito sa pagkatuto nga mag-aaral sa asignaturang Filipino, ay pagdating sa pagbuo ng mga gawain, proyekto at sulatin ay nagkakaroon sila ng kahirapan sa paggamit at pagpili ng tamang mga salita na gagamitin sa gawain. Ang social media ay naghahatid ng mga "trends" o uso na mabilis na nagagaya ng ga kabataan lalo na sa panahon ngayon. Naging hamon ding hindi pagkakaintindihan ng mga mag-aaral pati na ang mga guro dahil kaunti lamang sa mga mag-aaral ang may malawak na alam sa asignaturang Filipino madami sa kanila ang nakadepende sa social media. Maraming mga hamon ang kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Sa social media ang mga notipikasyon at impormasyon na natatanggap at nakukuha ng mga kabataan ay isang hamon din sa kanilang pagkatuto. Ang pagkakaroon ng kaalaman sa tamang paggamit ng soctet media sa pagkatuto ay dapat na malinang. Sa kabuuan, nabanggit sa mga pag-aaral na ang social media ay may positibo at negatibong epekto, ngunit mas nakatuon ang mga pag-aaral na ito sa negatibong epekto ng social media sa pagkatuto sa assignaturang Filipino dahil sa pag usbong ng mga "Jejemon" at "bekimon" language na kung saan ay mas pinapaiksi nito ang ang mga orihinal na salita ng Wikang Filipino. Maraming tao ang gumagamit ng ganitong uri ng pakiki pag komunikasyon upang mas madali ang at mabilis na paraan ng pakikipag ugnayan ng tao sa isa't isa.

**Gampanin ng mga Guro**

Sa paghuhubog at paggabay mga mag-aaral ang mga guro ang siyang naging tulay para mas palabungin ang pagkatao ng mga mag-ul. Ang mananaliksik ay nagkaroon ng motibasyon na pag-aaralan ang mga naging asal ng mga mag-aaral dala ng pagbunsod ng teknolohiya at ang paggamit o pag utilisa ng social media bilang kagamitan sa pagkatuto

. Ayon sa pag-aaral nina (Basilio at Bernacer, 2007), ang mga guro ay may malaking gampanin sa paghuhubog ng kagandahang asal ng mga mag-aaral. Subalit dahil sa social media na produkto ng bagong teknololiga, magulo ang takbo ng kaisipan ng mga mag-aaral sa larangan ng kanilang pag-aaral ang mga guro bilang mga pangalawang mga magulang ay dapat na ginagabayan ang mga mag-aaral sa lalakbayin sa pagkatuto. Ang mga kaugalian ng mga mag-aaral ay isang mahalagang hamon sa proseso ng pagkatuto, sapagkat nakakaapekto ito sa kanilang kakayahang maunawaan ang mga detalyeng itinuturo ng mga guro. Bukod dito, may iba't ibang salik na nagiging hamon sa pagkatuto ng mga mag-aaral, tulad ng impluwensya ng social media. Ang edad at kasarian ng mga mag-aaral ay ilan din sa mga salik na nakakaapekto sa kanilang pag-aaral at pang-unawa sa mga aralin. Maliwanag ang mga mas buta na mag-aaral ay sila ang mas naglalaan ng mahabang oras sa pagggamit ng social media., kung kaya ay mas malaki ang hamon na kanilang naranasan sa pagkatuto lalo na sa asignaturang Filipino. Mas mulat sa teknolohiya ang mga mag-aaral na mas bata at mas malawak ang kanilang kaalaman sa paggamit ng iba't ibang *social media platforms*. Kalakip nito ay ang kakulangan sa kanilang oras sa pag-aaral at hindi nabigyan ng kahalagahan ang kanilang pagkatuto.

Sa pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino, ang mga mag-aaral ay kapansin-pansin na na nababagot at kadalasan ay hindi na nakikinig sa klase. Hindi sila nagkakaroon ng interes sa pagkatuto sapagkat sila ay hindi naeengganyo at wala ring kumukuha ng kanilang interes. Ang guro ang may malaking gampanin para pukawin ang mga interes ng mga mag-aaral at sa pamamagitan ng *social media*, nagsisilbi itong alternatibo sa pagtuturo at pagkatuto. Sa paggamit ng *social media* ang mga mag-aaral ay naeengganyo dahil dito sila mas interesado. Sinasaad ni (Cabigao, 2021), na nabanggit sa pag-aaraal ni (Dionisio, 2021), ang pagkakaroon ng kasiyahan bilang guro at ang pagiging masaya sa klase ay magreresulta ng kakaibang kahusayan sa pagtuturo. Ang paraan ng pagtuturo ay paiba-iba batay sa mga interes ng mga mag-aaral. Isa sa *social media platform* na labis na nagustuhan ng mga mag-aaral ay ang *Tiktok*. Binigyaang diin nina Jacobs, Pan, at Ho (2022), na nabanggit sa pag-aaral nina Molina et. al (2023), na ang *Tiktok* ay nagkaroon ng kapaki-pakinabang sa pagganap ng mga mag-aaral gayundin sa pakikipag-ugnayan sa kapwa.

Ang Tiktok ay isa sa pinaka madalas na gamitin ng mga mag-aaral bilang entertain at sa kasalukuyan, ang app na Tiktok ay ginagamit ng mga guro upang ma-engganyo ang mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral ni Sadorra (2019) ang positibong pananaw ng mga mag-aaral ay maaaring maging mahina o malakas batay sa dulot ng social media. Samakatuwid, ang social media ay nakakatulong sa pagpapalakas ng komunikasyon ng bawat isa sa loob ng silid-aralan. Sa pamamagitan ng epektibong pakikipag-usap, nagiging mas aktibo at interesado ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Isa na ang Facebook na nakatutulong sa pag-aaral dahil dito nagkakaroon ng komunikanikasyon upang maipahayag ang mga importanteng gawain sa isang tao. Ang youtube naman ay nakatutulong at nagpapakita ng mga bidyo na maaring gamit ng mga guro at ng mga nag-aaral sa pag-eenganyo sa pagkatuto, at nagsisilbi gabay sa mga tao sa pag-aaral. Ang social media ay napapataas ang kalidad ng edukasyon ng mga mag-aaral Ang iba't ibang social media platforms ay mayroong magig bang gamit at estilo sa pagkuha ng mga interes at atensiyon ng mga mag-aaral. Nailalahad ng mga mag-aaral ang kanilang mga ideya at na- eengganyo sila sa pagkukuha ng mga impormasyon dahil ang social media ay may kakaibang estilo sa pagbabahagi ng mga impormasyon. Sa paganap ng teknolohiya ay patuloy na mayroong pagbabago sa social media pati na rin sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Hahang tumatagal ay mas nagiging advance ang mga social media platforms. Nagbibigay ito ng motibasyon sa mga mag-aaral sagogkat hindi lamang impormasyon ang kanilang nakukuha kundi mayroon ding mga bidyu at iba pang mga larawan na nagsilbing entertainment sa kanila. Ang mga mag-aaral sa panahon ngaon ay mas nagkakaroon ng interes sa mga bagong bagay at sa mga nagbibigay benipisyo sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at pagkatuto..

Sa ginawang pananaliksik ng mananaliksik ninanais niya o nila na mas maintindihan ang mga mag-aaral, sa pagbabago ng kanilang pag-uugali at kanilang pagkatuto. Ang mga pag-aaral na ito ay parehong naglalayong malaman ang impluwensiya ng *social media* sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Isinasaad sa mga kaugnay na pag-aaral na ito ang mga naging resulta at mga obserbasyon na napapansin sa pagsasagawa ng pananaliksik. Sa pag-aaral ng mga mananaliksik sa kasalukuyan ay nilalayon din nila na malaman ang naging impluwensiya ng social media sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Bagama't pareho ang mga pag-aaraal na ginawa ay magkaiba naman ang pagkatuto na tinalakay sa ibang pag-aaral ang pagkatuto ng Ingles ang binigyang diin habang sa pag-aaral ng mga mananaliksik ngayon, ay ang pagkatuto sa asignaturang Filipino ang nasa sentro ng pag-aaral na ito.

## V. METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang deskriptib na disenyo ng pananaliksik ay isang paraan na ginamit upang obserbahan at ilarawan ang mga katangian o pag-uugali ng isang paksa nang walang pagmamanipula ng mga baryabol. Nilalayon nitong magbigay ng isang detalyadong *account* ng isang *phenomenon*, na tumutulong sa mga mananaliksik na maunawaan at idokumento ang mga tampok nito. Ang ganitong uri ng pananaliksik ay kadalasang nagsasangkot ng mga *survey*, *case study*, *content analysis*, at mga obserbasyon para sa pagsusuri at interpretasyon.

**Instrumento ng Pag-aaral**

Ang kwantitatibong pamamaraan ay nagbibigay daan para sa mga mananaliksik na maibigay ang makabuluhang kahalagan na nakuha sa pamamagitan ng pagsusuri ng pananaliksik.

Ang instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito ay hango sa intsrumentong ginamit sa pag-aaral ni Baniyassen na pinamagatang "*The Impacts of Social Media on Improving English Learning Skills: Case Study of UAE",* na kung saan ay Likert Scale ang kaniyang ginamit. Ang talatanungan ay mayroong *scale* mula isa (1) hanggang lima (5) na nagpapakita ng indibidwal na saloobin batay kaukulang interpretasyon ng mga magiging kasagutan ng mga tagatugon. Sa ganitong paraan, ang kwantitatibong *data* ay makukuha, magagamit at masusuri ng mga mananaliksik.

Ang pagsukat ng *reliability* at *validity* at pagkabisa na tumutukoy sa katumpakan ng resulta at mabigyan ng mas madaling paraan ang mga mananaliksik na gamitin ang kinalalabasan ng nakalap na datos upang mabigyan pakahulugan ng resultang ito. Ang *reliability* ay isinasaalang –alang ang pagka pare-pareho ng resulta kasama ang variable. Ang ugnayan ng *Pearson* sa pagitang ng *Social Media at Language Learning skills*. *0.78. Ito ay nangangahulugang na ang talahanayan at talatanungan na ginawa ay higit na maasahan, upang maibigay ang impluwensiya ng *social media* sa pananaw ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino.

*Chronbach's Alpha* ay ginamit rin ng mga mananaliksik upang masukat ang *reliability* ng mga tanong na may sukat na 0'87 na pinapakita na ang mga talatanungan ay higit na maasahan, upang malaman at maipakita ang impluwensya ng social media sa pananaw ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Ang mann-Whitney U test ay ginamit upang makita kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral, lalaki man o babae.

**Ang Mga Kalahok**

Ang pananaliksik na ito ay bubuoin ng 44 na kalahok. Sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral sa Sekundarya ng Western Mindanao State University, upang mapag-alaman ang kanilang pananaw sa impluwensya ng *Social Media* sa asignaturang Filipino. Sa pagpipili ng kalahok para sa pag-aaral na ito ay ginamitan ng mga mananaliksik ng **total enumeration sampling** na kung saan binigyang tuon ang mga mag-aaral sa ika-siyam na baiting ng Sekundarya. Sila ang napiling kalahok sapagkat sila ay nasa gitna ng mababa at mataas na baiting sa Sekundarya. Sa pagpipili ng mga kalahok para sa pag-aaral ay nararapat lamang na iyong mayroong sapat na kaalaman sa *social media* kung kaya't hindi lahat ng baiting ay ginawang kalahok para sa pag-aaral.

**Pangangalap ng Datos**

Ang pagkolekta ng mga datos ay isinagawa pagkatapos makuha ang pag-apruba ng sertipikasyon mula sa komiteng etika. Kasunod nito, nagpadala ng liham ng pahintulot sa tanggapan ng Dekano ng Kolehiyong Pang-Guro ng integrated laboratory school (ILS) ng pamantasang pampamahalaan ng kanlurang Mindanao upang makuha ang permiso para sa pagsasagawa ng sarbey sa mga ika-siyam na baitang na mag-aaral ng ILS. Matapos makakuha ng permisyon, tumungo ang mga mananaliksik sa kanilang mga kalahok upang ipamahagi sa integrated laboratory school (ILS) ang mga talatanungan na sasagutan. Kasama sa mga talatanungan ang kasulatan ng pagpayag na kailangang lagdaan ng mga kalahok , na boluntaryong lumahok sa pananaliksik. Ang mga sagot ng mga tagatugon ay siniyasat at binigyang-kahulugan gamit ang Statistical Package for the Social Science (SPSS) upang makuha ang kanilang datos. Ang statistical tools na ginamit para sa pagkuha sa interpretasyon sa pananaliksik na ito ay **mean at median**, upang malaman ang katumbas na interpretasyon sa datos na nakalap.

## VI. RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang kabanata na ito ay naglalahad at nag-aanalisa sa mga datos na nakalap gamit ang *Likert Scale* para sa mga mag-aaral. Ang mga datos na naibuod sa talahanayan, na analisa, nabigyang kahulugan gamit ang mga *statistical tests*. Ang mga espisipikong mga katanungan na inilabas sa pahayag ng suliranin ang naging batayan ng pagkakasunod-sunod ng presentasyon.

**Talahanayan 1: Ano ang pangkalahatang pananaw ng mga mag-aaral sa impluwensiya ng *social media* sa pagkatuto sa asignaturang Filipino?**

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng pangkalahatang pananaw sa impluwensiya ng *social media* sa pagkatuto sa asignaturang Filipino. Matapos makalkula ang kabuuang mean, ang resulta ay nagpapakita na ang pananaw ng mga mag-aaral sa impluwensiya ng *social media* sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ay **3.59** na nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng **positibong pananaw** sa impluwensiya ng *social media* sa pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ipinapakita sa interpretasyon na ang *social media* ay tumutugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral pati na sa kanilang pagkatuto. Sa pag-aaral ni Dollarhide 2019, ang kapangyarihan ng *social media* ay ang kakayahang makipag-ugnayan at magbahagi ng impormasyon sa sinuman sa mundo, ito ay nagpapakita ng positibong pananaw na kung saan ang mga mag-aaral ay malayang nakikipag-ugnayan at nakakalap ng mga impormasyon na siyang nakatutulong sa kanilang pagkatuto. Ang *social media* ay mag mahalagang gampanin sa buhay ng mga mag-aaral. Mas madali at mas mainam ang access sa pagkuha ng mga impormasyon. Isinaad ni Gupta (2015), na ang mga mag-aaral at guro ay may ugnayan sa bawat isa at makagagawa ng maayos na paggamit sa mga *platforms* na ito para sa paagpapatakbo ng kanilang edukasyon.

Dala ng mga benepisyo ng *social media*, ang mga mag-aaral ay mayroong positibong pananaw sa impluwensiya nito. Mas nagkakaroon sila ng maraming *sources* sa mga impormasyon na kailangan nilang makalap sa pagsasagawa sa kanilang gawain na ibinigay ng mga guro. Ang mga mag-aaral ay bihasa na sa paggamit ng *social media* at sila ay naglalaan ng oras sa paggamit nito. Iba't ibang impormasyon ang naipapabatid nila sa social media at pagpapahayag ng kanilang saloobin sa mga bagay-bagay.

**Talahanayan 1.0 Pangkalahatang pananaw ng mga mag-aaral sa impluwensiya ng social media sa pagkatuto sa asignaturang Filipino**

| | Kabuuang Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Pangkalahatang pananaw ng mga mag-aaral sa impluwensiya ng social media sa pagkatuto sa asignaturang Filipino | 3.59 | Positibo |

*Legend: 1.0 – 1.80 Napaka Negatibo* *1.81 – 2.60 Negatibo*
*2.61 – 3.40 Neutral* *3.41 – 4.20 Positibo*
*4.21 – 5.0 Napaka Positibo*

**Talahanayan 2: Ano ang pananaw ng mga mag-aaral sa gampanin ng *social media* sa pag-eengganyo, pag-uudyok, pagbibigay inspirasyon, at pagsasangkot ng mga mag-aaral?**

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng pananaw ng mga mag-aaral sa gampanin ng *social media* sa pag-eengganyo, pag-uudyok, pagbibigay inspirasyon, at pagsasangkot ng mga mag-aaral. Noong makalkula ang kabuuang mean, ang resulta ay nagpapakita na ang pananaw ng mga mag-aaral sa gampanin ng social sa pagkatuto ay **3.91** na nagpapahiwatig ng **positibong pananaw**. Sa madaling salita, ang mga mag-aaral ay may positibong pananaw sa gamapanin ng *social media* sa pang-araw-araw na pagkatuto sa asignaturang Filipino dulot ng impluwensiya nito sa mga mag-aaral na mas napapadali at napupukaw nito ang kanilang interes .Nabanggit sa pag-aaral nina Fainida at Guillena (2023), na ang *social media* ay nagbibigay ng libangan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga impormasyon at produksyon ng nilalaman, na nagpapahintulot sa mga indibidwal na madaling matuklasan at maibahagi ang mga nilalamang may kaugnayan sa libangan.

Sa pamamagitan ng *social media* ay mas naeengganyo ang mga mag-aaral sapagkat marami silang impormasyon na nakalap sa *social media* at dahil dito lahat ng mag-aaral ay kasama o hindi left out sa klase. Ayon naman kay Tadros (2011) na nabanggit sa pag-aaral nina ( Julienne Agustin, et al.) taong 2019, ang teknolohiya ay gumagawa ng mas nakaeengganyo at innovative na kasanayan sa silid-aralan na pumupukaw sa interes ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto kapag angkop ang mga kagamitang ginamit. Ang *social media* tools ay nagbibigay ng kakayahan sa mga mag-aaral na mag-isip nang kritikal at malikhain. Sa pagkakaroon ng kakayahan na ito ay mas napapalawak ang kanilang pananaw patungkol sa mga bagay bagay na nangyayari sa kanilang paligid. Ang *social media* ay nagbibigay inspirasyon din sa mag-aaral sa pamamagitan ng mga impormasyon na kung saan ay naiuugnay nila ang kanilang sarili. Naibabahagi rin nila ang kanilang mga kaalaman sa paaralan sa pagbibigay ng gawain na kung saan gagamitin nila ang *social media* bilang midyum ng pagkatuto.

**Talahanayan 2.0 Pananaw ng mga mag-aaral sa gampanin ng social media sa pag-eengganyo, pag-uudyok, pagbibigay inspirasyon, at pagsasangkot ng mga mag-aaral**

| | Kabuuang Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Sumusuporta sa mga kasanayan sa pag-aaral ng asignaturang Filipino | 3.43 | Positibo |
| Sumusuporta sa learning environment ng mga mag-aaral | 3.75 | Positibo |
| Mapabuti ang diskusyon at kakayahan sa pag-iisip | 4.0 | Positibo |
| Makagaragdag ng futuristic na mga pananaw | 3.84 | Positibo |
| Kapaki-pakinabang at epektibong kagamitan sa pagpapabuti ng kaalaman sa asignaturang Filipino | 4.0 | Positibo |
| Nabibigyan ng kahalaghan ang pag-eengganyo ng pagkatuto sa loob ng silid | 3.17 | Positibo |
| Nagbibigay ng inspirasyon sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang midyum | 3.81 | Positibo |
| | 3.71 | Positibo |

*Legend: 1.0 – 1.80 Napaka Negatibo* *1.81 – 2.60 Negatibo*
*2.61 – 3.40 Neutral* *3.41 – 4.20 Positibo*
*4.21 – 5.0 Napaka Positibo*

**Talahanayan 3: Ano ang pananaw ng mag-aaral sa pagsulong ng *21st century skills* gamit ang *social media platforms?***

Sa talahanayan 3, nagpapakita ito ng pananaw ng mag-aaral sa pagsulong ng *21st century skills* gamit ang *social media platforms* na may na kalkulang kabuuang mean na **3.71** na nagpapahiwatig na **positibo** ang naging pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng *social media platforms* sa pagsulong ng *21st century skills*. Ayon sa pag-aaral ni Ghosh, P. (2024), na sumusuporta sa naging resulta sa pag-aaral na ito. Ang *social media* raw ay mayroong potensyal na baguhin ang edukasyon sa pamamagitan ng pagpapahusay ng kolaborasyon o pagtutulungan at pagbabahagi ng kaalaman. Tinuturing na isang kagamitang pagkatuto ang *social media* dahil naibabahagi ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman at nakakakuha rin sila ng impormasyon mula rito. Nagkakaroon din ng kolaborasyon ang mag-aaral sa mga gawaing ipinapagawa sa kanila gamit ang *social media platforms*. Naisaad din ni Hopkins (2018), na ang *social media* ay maaaring magpataas ng kolaborasyon ng mga mag-aaral.

Ang mga mag-aaral ay naging magkaibigan sa *social media* at pinakamalamang na makipagtulungan sa mga proyekto. Dahil sa naging kolaborasyon ng mga mag-aaral mas napahuhusay ang kanilang kakayahan sa pakikipag komunikasyon at nahahasa rin ang kanilang pagkamalikhain. Ito ay maaaring magdulot ng mataas na antas na pagpapanatili o *retention rate*. Mataas ang posibilidad na ito ay mananatili ng mahabang panahon sa isip ng mga mag-aaral at mas madali nilang maalala kung ano ang nakalap nilang impormasyon sa *social media*.

**Talahanayan 3.0 Pananaw ng mag-aaral sa pagsulong ng 21st century skills gamit ang social media platforms**

| | Kabuuang Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Napauunlad ang oportunidad sa panlipunang pag-aaral | 3.9 | Neutral |
| Sumusuporta sa mga kakayahan ng mga mag-aaral sa pakikipagugnayan | 3.93 | Positibo |
| Kapaki-pakinabang na kagamitan sa mabisang impormasyon | 3.7 | Neutral |
| Kapaki-pakinabang sa pagpapalakas ng pagkakataon ng kooperatibong edukasyon | 3.7 | Neutral |
| Kapaki-pakinabang sa pagpapabuti ng edukasyon na nakabatay sa sariling paced | 3.5 | Neutral |
| Napauunlad ang sarili sa pagkatuto | 3.6 | Neutral |
| Pahusayin ang mga kasanayan sa secular na pag-aaral sa mga magaaral | 3.6 | Neutral |
| | 3.70 | Positibo |

*Legend: 1.0 – 1.80 Napaka Negatibo    1.81 – 2.60 Negatibo*
*2.61 – 3.40 Neutral    3.41 – 4.20 Posittibo*
*4.21 – 5.0 Napaka Positibo*

**Talahanayan 4 : Ano ang mga hamong kinakaharap sa paggamit ng *social media* sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino?**

Ang Talahanayan na ito ay nagpapakita ng mga hamong kinakaharap sa paggamit ng *social media* sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ito ay may kabuuang mean na **3.02** na nagpapahiwatig ng **neutral** na pananaw ng mga mag-aaral. Ito ang nagsasaad na parehong may positibo at negatibong dulot ang *social media* sa kanilang pagkatuto. Ayon kay Baruah ( 2012 ), ang *social media* ay isang midya para sa pakikisalamuha na higit pa sa simpleng komunikasyong panlipuanan. Mayroong *pros* at *cons* ang paggamit ng *social media*. Isa sa importanteng bentahe ay ang *online sharing* ng kaalaman at impormasyon sa iba't ibang pangkat o grupo ng mga tao.

Ang *online sharing* ng mga impormasyon ay nagsusulong ng pagpapabuti ng kakayahan sa komunikasyon. Bagama't ito ay mayroong bentahe ay mayroon din itong *disadvantage* na dala. Ang *disadvantage* nito ay ang pagkuha o pagkalap ng maling impormasyon o *fake news* na nagdudulot ng kalitohan sa mga mag-aaral. Naisaad sa pag-aaral ni Magtibay ( 2016), na ang *social media* ay nakaaapekto sa kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa tamang pag-baybay ng mga salita sa Filipino. Ito ay dahil sa impluwensiya na dulot ng *social media* na dahil sa pagbabago ng panahon. Nabanggit sa pag-aaral nina Slim at Hafedh (2019), ukol sa isang *social media platform* na laganap at laging ginagamit ng mga mag-aaral – ang *facebook*. Ayon sa kanila, bagaman binibigyang pansin ang benepisyo nito sa pagpapalaganap ng bokabularyo at pagsasanay sa wika, sinasaad rin nito na maaaring makaaapekto sa tradisyunal na aspeto ng paggamit ng Filipino sa mas pormal na konteksto. Ito ay nagpapakita na maaaring maging mapanghamon ang paggamit ng *social media*.

**Talahanayan 4.0: Mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng *social media* sa pagkatuto sa asignaturang Filipino**

| | Kabuuang Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Ang paggamit ng social media platforms ay: Nagdudulot ng Kalungkutan | 2.65 | Neutral |
| Ang paggamit ng social media platforms ay: Nagbibigay ng Kahirapan sa pag-aaral | 3.22 | Neutral |
| Ang paggamit ng social media platforms ay: Lumilikha ng mga suliranin sa pakikipagkomunikasyon | 3.20 | Neutral |
| Nagdudulot ng mga problema sa kasalusugan at pangangatawan | 3.45 | Positibo |
| Nagbibigay ng hirap sa mga estudyante sa pag-aaral | 2.95 | Neutral |
| Nagbibigay ng kahirapan sa mga estudyante na mag-focus sa pagaaral sa asignatura | 3.40 | Neutral |
| Hindi kayang mabigyan ng access ang lahat ng mga magaaral sa iba't ibang social media platforms | 2.54 | Neutral |
| | 3.02 | Neutral |

*Legend: 1.0 – 1.80 Napaka Negatibo* *1.81 – 2.60 Negatibo*
*2.61 – 3.40 Neutral* *3.41 – 4.20 Positibo*
*4.21 – 5.0 Napaka Positibo*

**Talahanyan 5: Mayroon bang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral sa impluwensiya ng *social media* sa pagkatuto sa asignaturang Filipino batay sa kasarian?**

Sa talahanayan 5, ipinapakita dito kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga ma-aaral sa impluwensiya ng social media batay sa kasarian. Nakakuha ito ng p-value na **0.36**, na mas mataas kaysa sa karaniwang ginagamit na alpha level na 0.05. Ito ay nagpapahiwatig na ang kasarian ay **walang makabuluhang pagkakaiba** sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa impluwensiya ng *social media* sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ito ay walang makabuluhang pagkakaiba sapagkat ang kasarian ng mga mag-aaral ay hindi nakaaapekto sa kanilang mga naging pananaw. Magkaiba man ang kasarian ng mga mag-aaral, ay pare-pareho lamang ang naging pananaw nila patungkol sa impluwensiya ng *social media* sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino.

**Talahanayan 5.0: Pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral batay sa kasarian**

| | Kasarian | N | Mean Rank | P- value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Pananaw ng mga Mag-aaral | Lalaki | 22 | 24. 05 | 0.36 | Hindi Makabuluhan |
| | Babae | 22 | 20. 95 | | |

## VII. KONKLUSYON

Ang pananaliksik na ito ay naghahangad na malaman ang pananaw ng mga mag-aaral sa impluwensiya ng social media sa pagkatuto sa aralin sa Filipino. Batay sa mga datos mula sa iba't ibang talahanayan, malinaw na mayroong positibong opinyon ang mga mag-aaral sa epekto ng *social media* sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ang kabuuang mean na **3.59** mula sa Talahanayan 1 ay nagpapakita na naniniwala ang mga mag-aaral na mayroong malaking tulong ang *social media* sa pagpapadali ng kanilang edukasyon. Karagdagan sa datos na unang nabanggit, makikita sa ikalawang talahanayan na positibo rin ang tingin ng mga mag-aaral sa papel ng *social media* sa pag-eengganyo, paguudyok, at pagbibigay-inspirasyon, na may mean na **3.91**. Malinaw na nakapagpapasigla ng interes ang social media sa kanilang pag-aaral sa Filipino. Sa aspeto ng pagsulong ng mga kasanayan sa ika-21 siglo, ipinapakita ng Talahanayan 3 na ang perspektibo ng mga mag-aaral tungo sa impluwensiya ng social media ay positibo, na may mean na **3.71**. Ipinapahiwatig nito na siniyasat ng mga mag-aaral ang kakayahan ng *social media* na magbigay ng mga oportunidad para sa paglinang ng makabuluhang kasanayan gaya ng kritikal na pag-iisip, pakikipagtulungan, at *digital literacy*. Samantala, ayon sa Talahanayan 4, may neutral na pananaw ang mga mag-aaral (mean na 3.02) kaugnay sa mga hamong dala ng paglalapat ng social media sa pagkatuto. Bagama't positibo ang pangkalahatang pananaw, may ilang hamong nararanasan ang mga mag-aaral na maaaring makaaapekto sa kanilang paggamit ng *social media* bilang kasangkapan sa edukasyon. Sa Talahanayan 5, ipinapakita na walang malaking kaibahan ang pananaw ng mga mag-aaral batay sa kasarian, na may p-value na **0.36**. Ipinapahiwatig nito na ang impluwensiya ng *social media* sa pagkatuto ay hindi naaapektuhan ng kasarian ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga datos sa pananaliksik na ito na positibong nakaiimpluwensiya ang *social media* sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Nakatutulong ito sa pagpapadali ng pagaaral, pagpapasigla ng interes, at pagsusulong ng mga kasanayan sa ika-21 siglo. Gayunpaman, mahalaga ring tugunan ang mga hamon upang lubos na mapakinabangan ang social media bilang kasangkapan sa edukasyon. Mayroong mahalagang ambag ang pananaliksik na ito sa pagbibigay-alam sa mga naging opinyon ng mga mag-aaral sa impluwensiya ng social media sa kanilang edukasyon sa Filipino. Ang pag-aaral na ito ay limitado lamang sa maliit na bilang ng mga kalahok at ito ay isinagawa sa loob ng isang seksyon lamang sa ika-siyam na baitang sa WMSU ILS High School. Hindi alintana ang kawalan ng sapat na tagatugon ngunit, ang pag-aaral na ito ay nag-aambag ng mahalagang ideya dahil sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay napag-alaman na ang impluwensiya ng *social media* ay nagdudulot ng magandang resulta sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Bagama't may magandang dulot ito sa kanilang pagkatuto, ay mayroon din itong hindi magandang dulot kapag hindi ginamit ng maayos.

Nabigyang patunay ng mga mananaliksik ang teoryang *use and gratification theory* ayon sa kinalabasan ng pag-aaral. Sapagkat ang mga mag-aaral ay may kakayahang pumili ng uri ng *social media platform* at maglaan ng oras sa mga ito upang mangalap ng impormasyon at mag bahagi ng kaalaman. Sa tulong nito, naisusulong ng mga mag-aaral ang *21st century skills* mula sa napiling platform. Bukod rito, napatunayan rin ng mga mananaliksik na ang teoryang *media dependency theory* na kung saan ang mga mag-aaral ay umaasa sa social media bilang isang paraan upang magbahagi at mangalap ng kaalaman at sa teoryang ito ang social media ay tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral, Ito ay nagbibigay suporta sa pananaliksik na ito sa kadahilanan na tinutukoy nito ang mga nagiging kaugalian ng mga mag-aaral at ang pagiging *dependent* nila sa paggamit ng *social media* sa kanilang pagkatuto.

## VII. REKOMENDASYON

**Mga Guro**

- Tulungan ang mga mag-aaral na masuri ng mga epekto ng social media. Himukin silang pag-aralan ang mga impormasyong nakalap at kung paano ito makikinabang sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino.
- Isama ang social media bilang kasangkapan sa pagtuturo, ang mga guro sa kasalukuyan ay dapat magkaroon ng kagustugan na tuklasin ang mga potensyal na tulong ng social media sa pagpapabuti, paghahasa sa kaalaman sa asignaturang Filipino.
- Isama sa Kurikulum ang pag-integrate ng social media sa pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro sa loob ng silid aralan.

**Mga Mag-aaral**

- Gamitin it nang responsible para sa pagkatuto: ang potensyal ng social media bilang kasangkapan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino.
- Suriin ang mga nilalaman na nakalap sa ibat ibang platforms, siguraduhin na maaasahan ang mga impormasyong nakalap gamit ang mga material na ginagamit para sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Iwasan ang pangangalap ng maling impormasyon at dapat bigyan ng kalidad ang pang-edukasyong nilalaman.
- Pahalagahan ang mga website o application na nag bibigay ng access upang makakuha ng mga impormasyong pang akademiko

**Mga Susunod na Mananaliksik**

- Magtakda ng tamang oras para sa pangangalap ng mga impormasyon. Pag-aralan ang mga posibleng kalahok sa pag-aaral.
- Magsagawa ng malawak at malinaw na sakop ng kalahok sa pag-aaral upang magkaroon ng paghahambing sa mga pananaw mula sa iba't ibang antas ng kalahok.
- Magkaroon ng sapat na mapagkukunan na mga literature o pag-aaral

## VIII. PAGKILALA AT PASASALAMAT

Taos-puso po kaming nagpapasalamat sa Panginoon na siyang naging gabay at lakas sa aming bawat hakbang sa paggawa ng pananaliksik na ito. Nagpapasalamat rin kami sa lahat ng taong tumulong at naging bahagi ng matagumpay na pagbuo ng papel na ito. Sa aming guro namin na si Gng. Saavedra na patuloy na umaagapay sa aming bawat hakbang, maraming salamat po.

Sa aming mga pamilya at mga kaibigan na sumusuporta maraming salamat rin po sa inyo. Sa lahat ng tumulong, nagbigay ng ideya, opinyon, at suporta, maraming salamat po. Hindi ito mabubuo kung wala ang lahat ng tulong niyo at pagmamahal. God bless and guard you always!

## SANGGUNIAN


[1] Bhronler J.G & Katz, E. (1974) The use of mass communication: Current Perspective on gratifications research. Beverly Hill, CA: Sage. https://www.uky.edu/~drlane/capstone/mass/uses.htm

[2] Davis 2009 media-dependency theory https://www.opentextbooks.org.hk/ditatopic/14671

[3] Driscoll,M.(2000) psychology of learning for instruction https://search.worldcat.org/title/Psychology-of-learning-for-instruction/oclc/607397253

[4] Tipones, P., et.al. Impact of social media on academic performance of grade-6 students: ascended Asia Singapore -bestlink college of the Philippines; Journal of multidisciplinary research, Vol.2. , No.1 2020 https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/1635

[5] Magtibay, C., Ang epekto ng social media sa wikang Filipino sa mga mag-aaral ng PCU sa unang antas ,PNTC Colleges, Quezon City Campus 39 Aurora Boulevard, Quezon City. https://www.studocu.com/ph/document/pangasinan-national-high-school/engineering/123dokcom-284753606-ang-epekto-ng-social-media-sa-wikang-filipino-sa-mga-mag-aaral-ng-pntc-sa-unang-antas/119581688

[6] Baniyassen, D., The impact of social media on improving English learning skills: A case study of UAE. (2020). Dissertations. 83. https://scholarworks.uaeu.ac.ae/all_dissertations/83

[7] Saavedra, A.D. (2018). Technology engagement and writing skill: an analysis among elementary-grade filipino learners. Webology (ISSN: 1735-188X)Volume 15, Number 1 https://www.researchgate.net/publication/364921803_Technology_Engagement_And_Writing_Skill_An_Analysis_Among_Elementary-Grade_Filipino_Learners

[8] Ragaynon, D., & Gallardo, C., et.al. 21st Century skills of Social studies students Basis for proposed training program a journal, International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, Vol.2, No.2 , 195-205. https://doi.org/10.11594/ijmaber.02.02.08

[9] Saavedra, A.D (2020). Teachers' Preference on the Local Policy Implementation of the Mother Tongue Based-Multilingual Education: An Assessment.Asian EFL 27 (2.2), 217-238.

[10] Larson, L. C. ve Miller, T. N. 21st century skills: Prepare students for the future. Kappa Delta Pi Record, 47(3), 121-123. https://www.researchgate.net/publication/271994863_21st_Century_Skills_Prepare_Students_for_the_Future

[11] Saavedra A.D at Karanain, F.A (2022). Learners' beliefs and use of chavacano as medium of instruction. Journal of Language and Linguistics 10 (1), 40-46

[12] Fadil, T., The effects of social media on the language Researcher in Political Science\ Pennsylvania; United States. https://www.assahifa.com/english/opinions/the-effect-of-social-media-on-the-language/

[13] Basilio, M. & Bernacer, M. Epekto ng Makabagong Teknolohiya sa mga Mag-Aaral ng Ika-anim na Baitang ng Paaralang Central ng Ibalon. Legazpi City, Philippines.(2007) https://fr.scribd.com/document/419612857/787894564

[14] Cabigao, J. R.. Class Observation Post Conference Framework for Teachers. IJAMR Volume 256-258. https://www.researchgate.net/publication/349692651_Class_Observation_Post Conference Framework for Teachers

[15] Dionisio, M., Malikhaing pamamaraan ng pagtuturo sa classroom pangwika at panitikanbsa panahon ng pandemya. La Consolacion University ,Philippines. https://www.researchgate.net/publication/356906150_Malikhaing_Pamamaraan_ng_Pagtuturo_sa_Klasrum_Pangwika_at_Panitikan_sa_Panahon_ng_Pandemya

[16] Jacobs, A. Pan, Y. et.al, More than just engaging? TikTok as an effective learning tool (2022). UK Academy for Information Systems Conference Proceedings 2022. https://aisel.aisnet.org/ukais2022/3

[17] Molina, J. Epekto ng paggamit ng tiktok sa akademikong pagganap ng mga grade-11, LUAL National High School, Aurora Philippines. https://www.slideshare.net/MaryflorBurac1/epekto-ng-tiktokdocx

[18] Dollarhide,M. Social Media Definition. https://www.investopedia.com/terms/s/social-media.asp

[19] Gupta, D. Importance of Social Media in Higher Education https://edtechreview.in/trends-insights/insights/2041-social-media-in-higher-education

[20] Fainida, E.D. Guilenna, J. The Academic Performance of Filipino Junior High School Students, International Journal of Educational Management and Development Studies, Volume 4 Issue 2 :187-206 DOI: 10.53378/352994

[21] Tadros, M. Educating Educators with Social Media (Cutting-Edge Technologies in Higher Education, Vol. 1), Emerald Group Publishing Limited, Leeds, p. https://doi.org/10.1108/S2044-9968(2011)0000001027

[22] Agustin, J. Senior High School Student's Levels of Perception on Social Media as an Educational Tool. ST. JOSEPH SCHOOL OF SAN JOSE CITY, NUEVA ECIJA, INC. Brgy. Malasin, San Jose City, Nueva Ecija https://www.scribd.com/document/414152404/Senior-High-School-Students-Perception-on-Social-Media-as-an-Educational-Tool-docx

[23] Ghosh, P. Social Media as an Educational Tool: The Impact of Social Media on Student Collaboration and Knowledge Sharing, Risks, And Benefits. International Journal of Humanities Social Science and Management (JHSSM) Volume 4, Issue 3, May. June, 2024, pp: 714-718 https://ijhssm.org/issue_dcp/Social%20Media%20as%20an%20Educational%20Tool%20The%20Impact%20of%20Social%20Media%20on%20Student%20Collaboration%20and%20Knowledge%20Sharing,%20Risks,%20And%20Benefits.pdf

[24] Hopkins, J. (2018). Advantages of Using Social Media For Students in Education. https://www.academiaapps.com/advantages-social-media-education/

[25] Baruah, T.D, Effectiveness of Social Media as a tool of communication and its potential for technology enabled connections: A micro-level study. International Joumal of Scientific and Research Publications, Volume 2, Inne 5, May 2012 ISSN 2250-3153

[26] Slim,H. Hafedh, M. Social media impact on language learning for specific purposes: A study in English for business administration https://www.researchgate.net/publication/331210117_Social_media_impact_on_language_learning_for_specific_purposes_A_study_in_English_for_business_administration